Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
**BAYAN NG SANTA CRUZ**
# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NOONG IKA-8 NG AGOSTO, 2001, ARAW NG MIYERKULES, SA GANAP NA IKA-9:35 NG UMAGA.

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| KGG. ARIEL T. MAGCALAS | .............. | PANG. PUNONG BAYAN<br>Tagapangulo |
| Kgg. Florencio C. Odejar | .............. | Kagawad |
| Kgg. Louie C. de Leon | .............. | Kagawad |
| Kgg. Bernardo E. Ison | .............. | Kagawad |
| Kgg. Roselon F. Pamatmat | .............. | Kagawad |
| Kgg. Edgardo T. Porca | .............. | Kagawad |
| Kgg. Eugenio A. Javier, Jr. | .............. | Kagawad |
| Kgg. Ricardo B. Ramirez | .............. | Kagawad |
| Kgg. Purita P. Sarmiento | .............. | Kagawad |
| Kgg. Angelito U. Limjuco | .............. | Kagawad |
| Kgg. Jeffrey A. Villaseñor | .............. | Kagawad |

*KAPASIYAHAN BLG. 170-T'2001*

*KAPASIYAHANG SUMUSUPORTA SA KAPASIYAHAN BLG. 37-T'2001 AT KAPASIYAHAN BLG. 83-T'2001 NG SANGGUNIANG BARANGAY NG BAGUMBAYAN NA HILINGIN SA KGG. PUNONG BAYAN DOMINGO G. PANGANIBAN NA MAPALAGYAN NG LINYANG SEKUNDARYO AT STREETLIGHTS ANG SITIO II, GAYUNDIN AY MAIPAGPAGAWA NG DALAWANG (2) WAITING SHED ANG SITIO VI AT SITIO III SA NASASAKUPAN NG BARANGAY BAGUMBAYAN.*

*SAPAGKAT*, ang pag-unlad ng Barangay Bagumbayan ay nakasalalay sa pagkakaroon ng mga karagdagang pasilidad upang matugunan ang pangangailangan ng mga mamamayang kanyang nasasakupan;

*SAPAGKAT*, pananagutan ng pamahalaang bayan na isaalang-alang ang kapakanan at kapakinabangan ng mga mamamayan sa barangay;

*KUNG KAYAT, DAHIL DITO*, sa mungkahi ng Kgg. Kag. Louie C. de Leon, na pinangalawahan ng mga Kgg. Kag. Florencio C. Odejar, Eugenio A. Javier, Jr. at Purita P. Sarmiento at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

*PINAGPASIYAHAN:* Na suportahan ng Kapasiyahan Blg. 37-T'2001 at Kapasiyahan Blg. 83-T'2001 ng Sangguniang Barangay ng Bagumbayan upang hilingin sa Kgg. Punong Bayan Domingo G. Panganiban na mapalagyan ng linyang sekundaryo at streetlights ang Sitio II, gayundin ay maipagpagawa ng dalawang (2) waiting shed ang Sitio VI at III sa nasasakupan ng Barangay Bagumbayan.

*INIUUTOS:* Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Punong Bayan, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Tagatuos, Pambayang Inhinyero, Pambayang Pinuno sa Pagpaplano at Pagpapaunlad at Barangay Bagumbayan, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

*PINAGTITIBAY.*

*PINATUTUNAYAN* kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

JEANETTE P. ALFONSO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATUTOO:

KGG. ARIEL T. MAGCALAS
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

KGG. INHR. DOMINGO G. PANGANIBAN
Punong Bayan

9/7/2001